

PAG-UNAWA SA EMPTY HOMES TAX (BUWIS SA MGA BAHAY NA WALANG NAKATIRA)



Mahalagang Impormasyon

MAG-SIGN UP ONLINE

- Mag-sign up sa vancouver.ca/tax para sa mga online na serbisyo sa buwis at matanggap ang mga sumusunod na benepisyo:
- Piliin ang eBilling para makuha ang susunod mong abiso/bill sa email
- Kunin ang kasalukuyan mong buwis sa pag-aari, Empty Homes Tax (EHT), at balanse sa utility
- Tingnan ang mga nakaraan mong bill at kasaysayan sa pagbabayad
- Malaman kung na-claim mo na ang iyong grant bilang homeowner
- Subaybayan ang kasaysayan ng pagkonsumo mo sa utility
- Isumite ang iyong taunang katayuan sa pag-aari ng EHT

ANO ANG BAGO SA 2020

- Ang rate ng Empty Homes Tax para sa buwis ng taong 2020 ay tumaas mula 1% hanggang 1.25%. Dinirekta ng Vancouver City Council ang pagtaas na ito para higit na mahikayat ang mga may-ari ng mga walang nakatira at hindi masyadong nagagamit na mga tahanan para i-occupy o ilagay ang mga pag-aari nila sa paupahang market. Ang mga netong kikitain mula sa buwis ay muling ipupuhunan sa mga inisyatibong para sa abot-kayang pabahay sa lungsod.
- Mangyaring magbayad online o sa mail. Maaaring limitado ang access sa pagbabayad sa City Hall dahil sa mga restriksiyon ng COVID-19 at physical distancing. Para sa mga up-to-date na detalye ng access sa City Hall pumunta sa vancouver.ca/contact o tumawag sa 3-1-1.
- Ang mga cash na bayad ay hindi tinatanggap sa City Hall sa ngayon dahil sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan na kaugnay ng pandemic.









PAANO MAGDEKLARA

Nakatakda ang mga deklarasyon sa katayuan ng pag-aari sa 2020 sa Pebrero 2, 2021.

Tanging isang deklarasyon sa katayuan ng pag-aari ang kailangan sa bawat taon sa bawat pag-aari. Magdeklara ngayon sa vancouver.ca/eht

Ang Empty Homes Tax ng Lungsod ng Vancouver ay hiwalay mula sa Speculation at Vacancy Tax ng pamahalaang probinsyal; ang mga tanong tungkol sa buwis ng pag-aari ay maaaring isangguni sa gov.bc.ca/spectax o sa pagtawag sa **1-833-554-2323**.

Paano gumawa ng deklarasyon sa katayuan ng pag-aari para sa Empty Homes Tax - Isang step-by-step na patnubay

| | |
|---|--|
|  | 1 Kunin ang iyong Folio Number at Access Code mula sa harapan ng iyong Advance Tax Notice |
|  | 2 I-review ang talahanayan sa likod ng insert na ito para makita kung kakailanganin mo ng karagdagang impormasyon para makumpleto ang iyong deklarasyon |
|  | 3 Pumunta sa: vancouver.ca/eht-declare |
|  | 4 I-click ang “Submit Declaration” |
|  | 5 Ilagay ang iyong Folio number at Access code |
|  | 6 Ilagay ang mga detalye kung paano ka makokontak at piliin ang katayuan ng iyong pag-aari |
|  | 7 I-click ang “Declare” para isumite ang iyong 2020 na deklarasyon |
|  | 8 Makakatanggap ka ng kumpirmasyon ng iyong deklarasyon mo sa pamamagitan ng email |

此通告包含有關房屋空置稅 (Empty Homes Tax) 的重要資訊。有關更多資訊，請瀏覽 vancouver.ca/eht。

दिस वरके 'च' धाली पडे धरां 'उ' लँगड वाले नदे' टैक्स घारे महुँउदधुरन जाहकारी दिँडी गडी है। हेर वघेरे जाहकारी vancouver.ca/eht 'उ' उधलसघ है।

EMPTY HOMES TAX



Deklarasyon ng buwis sa taong 2020

May karagdagang impormasyon na maaaring kailanganin para isumite ang inyong deklarasyon

Paki-review ang talahanayan sa ibaba at siguruhin na mayroon ka ng lahat ng kailangang impormasyon kapag ginawa mo ang deklarasyon ng katayuan ng iyong pag-aari.

Tanging ang mga may-ari ng mga property na sumasailalim sa ilalim ng sumusunod na katayuan ng pag-aari ang kailangang magbigay ng karagdagang impormasyon kapag gumagawa ng deklarasyon:

| Katayuan ng pag-aari sa 2020 | Impormasyong kailangan sa oras ng deklarasyon |
|--|---|
| Inupahan ang pag-aari para sa layuning residensyal ng di bababa sa anim na buwan, sa mga panahon ng 30 o mahigit na magkakasunod na araw. | <ul style="list-style-type: none"> Buong pangalan ng (mga) umuupa na nakalista sa bawat kasunduan sa pag-upa |
| Inupahan ang pag-aari para sa layuning residensyal ng bahagi ng taon at hindi okupado ayon sa redevelopment o renovation exemption para sa isa pang bahagi ng taon. Kapag pinagsama, ang mga panahon ng pag-upa at redevelopment o renobasyon, ay katumbas ng anim na buwan o mahigit pa, sa loob ng taon. | <ul style="list-style-type: none"> Numero ng Building o development permit/numero ng aplikasyon at maikling paglalarawan sa proyekto ng construction at Buong pangalan ng (mga) umuupa na nakalista sa bawat kasunduan sa pag-upa |
| Ang pag-aari ay ginamit bilang pangunahing tirahan ng miyembro ng pamilya, kaibigan, o pinahintulatang umokupa, ng di bababa sa anim na buwan sa loob ng taon. | <ul style="list-style-type: none"> Buong pangalan at numero ng telepono ng taong umokupa sa pag-aari |
| Ang pangunahin mong tirahan ay nasa labas ng Greater Vancouver pero inokupahan mo ang pag-aari mo para sa layuning residensyal ng di bababa sa anim na buwan dahil full-time kang naka-empelyo sa Greater Vancouver. Ang katangian ng pag-empelyo ay nangailangan ng pisikal na presensiya sa Greater Vancouver. | <ul style="list-style-type: none"> Pangalan at impormasyon sa pagkontak ng iyong employer |
| Ang pag-aari ay alinman: <ul style="list-style-type: none"> Sumasailalim sa redevelopment o malaking renobasyon kung saan nagbigay ng mga permit, o Bakante ang mga lupa, ito ay heritage property o bahagi ng phased na development na nire-review ang mga aplikasyon. | <ul style="list-style-type: none"> Numero ng Building o development permit/numero ng aplikasyon ng pagtayo o pag-develop at Maikling paglalarawan ng konstruksiyong proyekto |
| Walang umookupa sa pag-aari ng mahigit sa anim na buwan dahil lahat ng mga umookupa ay nakatira sa ospital, pangmatagalan o pangsuportang pangangalagang pasilidad, at dati nilang ginamit ang pag-aari bilang pangunahing tirahan o inokupahan ito bilang umuupapara sa layuning residensyal. | <ul style="list-style-type: none"> Pangalan ng taong nakakatanggap ng pag-aalaga at Pangalan at impormasyon sa pagkontak sa medikal na pasilidad |
| Ang pag-aari ay sumailalim sa kautusan ng korte, pagdinig ng korte, o kautusan ng pamahalaan na nagbabawal sa paninirahan at mga pagkilos para pahintulatang maokupa ay masigasig na isinagawa at walang antala, ayon sa anumang timeline ng kautusan. | <ul style="list-style-type: none"> Numero ng file/kautusan ng korte |

May mga karagdagang impormasyon na maaaring kailanganin kasunod ng iyong pagsumite sa deklarasyon, kasama ang pero hindi limitado sa:

- Insurance at pagpaparehistro ng sasakyan sa ICBC
- Patunay ng personal na pagkakakilanlan na isyu ng gobyerno, kasama ang driver's licence, BCID card, British Columbia Services Card
- Mga income tax return at abiso ng pagtatasa, kasama ang mga iskedyul sa kita sa pagpapaupa
- Mga kontrata sa pag-empelyo, statement ng sahod o mga record of employment
- Homeowners Insurance Policy
- (Mga) kasunduan sa pag-upa
- Mga statement ng bangko